MENTAL HEALTH DISORDER, TAMPOK SA WORLD HEALTH DAY

Ni Aileen Respicio
Kabayan
April 7, 2001

Ipinagdiriwang ngayong Abril 7 ang World Health Day na nagtatampok ng tungkol sa mental health. Ayon sa World Health Organization (WHO), na naglunsad ngayong araw na ito ng isang taong pagdiriwang hinggil sa mental health, mahigit sa 400 milyong tao sa buong mundo ang dumaranas ng sakit na mental health disorder katulad ng anxiety, depression, manic depression (bipolar disorder), schizoprenia, substance abuse, epilepsy at intellectual disability.

Ayon pa sa pag-aaral, lima sa sampung nangungunahang dahilan ng disability ang mental health. Ang makakalungkot ay hindi ito prayoridad ng mga pamahalaan kung kaya't iminumungkahi ng WHO na pag-aralang mabuti ng mga gobyerno ng bawat bansa ang paglalaan ng pondo tungkol sa pagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa sakit na ito at bigyan din ng karampatang pondo para malunasan ang mga sakit na ito.

Kaugnay nito, magkakaroon ng iba't-ibang mga proyekto sa Western Pacific Region (kasama ang Pilipinas) at sa buong mundo upang lalo pang magkaroon ng kaalaman tungkol sa mental health.

Para sa mga isyung ito, minabuti ng ***Kabayan*** na itampok ang epilepsy na isa sa mental health disorders ng bansa.

Epilepsy, Isa sa Mental Health Disorders

Kapag ikaw ay nasa isang mataong lugar at mayroong isang taong biglang nawalan ng malay, tumirik ang mata, nanigas, nangatal ang katawan, tumigas ang bibig at nangingitim ang paligid ng bibig, ang tanging maiisip mo ay mayroon siyang sakit na epilepsy.

Alam n'yo bang hindi lamang sa ganitong paraan malalaman kung ang isang tao ay epileptic?

Ayon kay Dr. Leonor Cabral-Lim, presidente ng Philippine League Against Epilepsy, may mga atake ng epilepsy na kung saan ang pasyente ay parang nawawala sa sarili, natutulala o natitigilan at nagbabago ang kilos o pag-uugali.

Kung ang sentro ng paggalaw ng paa sa utak ang naistorbo, maaaring magkaroon ng pangangatal ng paa. Kung ang sentro ng pakiramdam sa utak ang nakuryente, maaaring magkaroon ng panandaliang pamamanhid. Bukod dito, may mga epilepsy na kalahati lamang ng katawan ang nangangatal, may buong katawan at malay ang naaapektuhan. Kung tutuusin, napakaraming maaaring maging hitsura ng epilepsy depende sa parte ng utak na nakukuryente o naaapektuhan.

Ano Ba ang Epilepsy?

Isa sa mga pinakapangkaraniwang kondisyon sa utak ang epilepsy na nakikita sa mundo. Higit sa 50 milyong tao sa mundo ang may kondisyong ganito. Sa Pilipinas, humigit-kumulang 750,000 Pinoy ang may epilepsy. Bagama't madalas itong nakikita sa mga bata at tinedyer, maaari din itong mangyari sa mga matatanda. Nakikita ito sa babae, lalaki, edukado, propesyunal man o hindi.

Nangyayari ang atake o "seizures" nito dahil sa isang kondisyong pisikal, kung saan nagkakaroon ng biglaan at panandaliang pagbabago sa utak. Napatunayan ng mga siyentipiko na nagkakaroon ng pagbabago sa "cells" sa utak na para bang ang mga ito ay biglang nakukuryente. At dahil sa pangyayaring ito, nagkakaroon ng panandaliang pagbabago ng galaw, pakiramdam, pag-iisip o pag-uugali ng tao dahil ang mga ito ay kontrolado ng ating utak.

Matapos ang ilang segundo o minuto, kapag tapos na ang kuryente, bumabalik uli sa normal ang takbo ng utak at nagbabalik na rin ang dating galaw at ugali ng tao na parang walang nangyari.

Ang salitang "epilepsy" ay ginagamit kung ang mga atakeng ito o "seizures" ay paulit-ulit.

Ano ang Sanhi ng Sakit na Ito?

Ang biglaang "short-circuit o "ground" na nangyayari sa utak ay maaaring mangyari kahit kanino, kahit sa mga normal na bata o matanda; ngunit higit na malaki ang posibilidad na mangyari ito sa mga taong datihan nang may pilat sa utak.

Ang mga pilat na ito ay maaaring manggaling sa mga sakit tulad ng stoke, untog sa ulo, meningits, operasyon sa ulo o tumor. Ngunit ang nakararami - 50 porsiyento ng mga epileptic - ay maaaring mana-mana o maaaring walang makitang pinanggalingan nito.

Nagagamot Pa Ba Ito?

Malaki ang posibilidad na magamot ang epilepsy. Mga 80 hanggang 85 porsiyento ng mga epileptic ay gumagaling sa regular na pag-inom ng gamot. Dahil iba-iba ang uri ng epilepsy, iba-iba rin ang gamot dito. Kinakailangang suriin muna ng espesiyalista sa utak o neurologist upang makita kung ano ang nararapat na gamot sa klase ng epilepsy na taglay ng isang pasyente.

Sa karamihan ng pasyente, isang klaseng gamot lang ang kinakailangan upang mahinto ang "seizures" o atake.

Samantala ang mga epileptic na hindi gumagaling sa pangkaraniwang gamot ay dapat sumangguni sa malalaking ospital na may "epilepsy clinic" o may mga espesiyalista sa utak o epilepsy. Maaaring gumamit ang doktor ng kombinasyon ng ilang gamot para maiwasan ang mga atake. Ang desisyon kung anong gamot ang gagamitin sa isang pasyente ay depende sa klase ng atake, sa mga side-effect na gustong iwasan at sa presyo ng gamot.

Para sa mga di pangkaraniwang pasyenteng hindi makuhang mapigil ng mga gamot matapos ang regular at masigasig na konsultasyon sa doktor, maaaring pag-isipan ang mga karagdagang lunas gaya ng Ketogenic diet, Vagal stimulation at epilepsy surgery.